DEPARTMENT OF HOMELESSNESS AND SUPPORTIVE HOUSING

Shireen McSpadden, Executive Director

London Breed, Mayor

# Mga Madalas Itanong (FAQ)
# 42 Otis Street

### Ano ang panukalang proyekto sa 42 Otis, sino ang mapaglilingkuran nito?

Ipinapanukala ng HSH na bilhin ang property sa 42 Otis St, kung saan may 24 na residensiyal na yunit na gagamitin para sa Permanenteng Pansuportang Pabahay para sa mga kabataang nasa hustong gulang. Ang 42 Otis ay magiging pangmatagalang abot-kayang pabahay na may mga panlipunang serbisyo sa site. Layunin ng mga serbisyo sa lugar (onsite services) na tulungan ang mga nangungupahan na makapagpanatili ng pabahay. Ang property sa 42 Otis ay magkakaroon ng 24 na oras na kawani sa reception, tagapamahala ng property, at mga pansuportang serbisyo na ipagkakaloob ng isang napiling nonprofit na tagabigay ng serbisyo.

### Ano ang Permanenteng Pansuportang Pabahay?

Ang Permanenteng Pansuportang Pabahay (Permanent Supportive Housing, PSH) ay pangmatagalang murang pabahay na may mga pansuportang serbisyo sa mismong lokasyon. Magkakaroon ng kanya-kanyang yunit at kasunduan (lease) ang mga mangungupahan.

### Paano napili ang tagabigay ng serbisyo?

Pipili ang HSH ng nonprofit na partner para patakbuhin ang programa at magbigay ng mga panlipunang serbisyo sa site. Pipiliin ang non-profit na tagabigay ng serbisyo sa pamamagitan ng isang competitive na proseso.

### Ano ang naging proseso sa pagpili sa lokasyong ito?

Natukoy ang property sa ilalim ng HSH RFI para sa mga property ng TAY. Binigyan ng priyoridad para bilhin ang property na ito pangunahing dahil sa lokasyon, kalidad, mga amenity, at kwalipikasyon para sa posibleng pagpopondo ng Homekey.

### Para saan ginagamit ang kasalukuyang site?  Kung may mga kasalukuyang nangungupahan dito, ano ang mangyayari sa kanila?

Pangunahing residensiyal ang gusali, pero mayroon itong tatlong opisina at isang espasyo para sa tindahan sa ground floor. May ilang nakatira sa gusali, at dahil dito, gagawa ang HSH ng plano sa paglilipat para tugunan ang paglilipat ng sinumang kasalukuyang residente at nangungupahang opisina.

### Ano ang timeline para sa proyektong ito?

| Aksyon | Petsa |
|---|---|
| Pakikipag-ugnayan sa Komunidad | Hunyo 2023 – Taglagas 2023 |
| Pag-apruba ng Board of Supervisors | Setyembre 2023 |
| Pagpili ng Tagabigay ng Serbisyo (Provider) | Taglagas 2023 |
| Aplikasyon para sa Homekey | Tag-init 2023 |
| Tapos na ang Pagbili | TBD |
| Pagsisimula ng operasyon | TBD |

440 Turk Street
San Francisco, CA 94102

628.652.7700
hsh.sfgov.org